


Francesca Nicole Chan Torres

# Nadia and the Blue Stars

artworks by Liv Romualdez Vinluan

Translated into Filipino by Rhandee Garlitos





Noong panahon ng digma, may isang maliit na nayon. Liblib ito at napaliligiran ng matatarik na bundok. Tila nabubuhay sa ibang daigdig ang mga tagarito: isang mundong puno ng halakhak, awit, at ligaya. Nagbibiruan ang mga kalalakihan habang nagtatrabaho. Umaawit ang mga kababaihan habang tinatapos ang mga gawaing-bahay. At ang paligid ay puno ng ingay ng mga batang naglalaro mula umaga hanggang gabi.

Ngunit natatangi ang nayong ito dahil sa mga bulaklak. Hitik silang namumukadkad sa mayamang lupa ng lambak, at sumasambulat ang kanilang iba't ibang mga kulay.



May matitingkad na amapola, matatayog na rosas, maririkit na liryo, at mga kaaya-ayang mirasol. Higit pa rito, may mga malalaking asul na bulaklak na nagkalat sa walang hanggang lawak ng damuhan. Mula sa kalayuan, nagniningning sila na tila mga bituing nalaglag mula sa langit.



May tagapag-alaga ang mga bulaklak na ito. Isang batang babae na nagngangalang Nadia.

Tuwing umaga, bago pa man sumikat ang araw, dinidiligan na niya ang mga ito. Pagsapit ng hapon, binubulungan niya ang mga ito ng mga kuwento. At sa gabi, bago siya matulog, idinadalangin niya ang mahimbing nilang pagtulog.


Kaya naman namukadkad sila at dumami, dahil walang ibang bagay na lalong nagpapabukadkad tulad ng pagmamahal. At ang ligaya ni Nadia ay naging ligaya ng nayon. At sa matagal na panahon, ganito ang siyang nakagawian.

Ngunit panahon ito ng digmaan.

Isang gabing pusikit, habang nasa parang ng bulaklak si Nadia, narinig niya ang isang malalim na dagundong, na parang tunog ng mga tambol sa kalayuan. Nang tumalima siya sa pinagmumulan ng ingay, natanaw niya ang mapulang liwanag ng apoy.



Tumakbo si Nadia. Ibinalita niya sa kaniyang mga magulang ang kanyang nakita, at sila naman ang nagpaabot ng pangyayari sa buong nayon. Simula sa sandaling iyon, maraming bagay ang nagbago.





Di naintindihan ng batang babae ang takot na ipinakahulugan ng mga ingay na iyon, ngunit batid na ito ng mga taganayon. Inakala nilang mananatili silang ligtas sa tulong ng mga bundok, ngunit nagkamali sila.

Parating na ang mga eroplano at mga bomba.


Parating na ang digmaan sa kanila.

Naglaho na ang halakhak sa nayon, at wala nang panahon para umawit o magsayaw o maglaro sa lansangan.

Paroo't parito ang mga taganayon sa paghahanda sa kanilang paglikas. Bawat araw, nag-imbak sila at nagplano. At bawat gabi, minatyagan nila ang unti-unting paglapit ng mga sunog.








Ngunit sadyang matindi ang pagtangi ni Nadia para sa mga bulaklak. Kahit siya'y natatakot, lagi niya silang inaalala. Kaya tuwing umaga, bago pa man sumikat ang araw, bumabangon siya upang diligan sila. Pagsapit ng hapon, binubulungan pa rin niya sila ng mga kuwento. At sa gabi, sa pagsabog ng mga bomba at paglagablab ng mga ito sa kalayuan, dalangin niya ang mahimbing nilang pagtulog.



Kaya patuloy na namukadkad ang kaniyang maririkit na bulaklak, puno ng buhay at ligaya. Sa isang saglit, nalilimot ng mga taganayon ang mga bomba, barilan, at pagliyab sa tuwing nasisilayan nila ang mga ito. Kahit sandali ay di nila namalayan ang digmaan.



Ngunit isang gabi, habang nahihimbing si Nadia, dumating sa wakas ang digmaan.




Wala nang panahon.

Habang niyayanig ng pagsabog ang buong paligid, nagsilikas ang mga taganayon upang sumilong sa kabundukan. Buong gabing nangunyapit sa dilim si Nadia, kapiling ang kaniyang pamilya, pinakikinggan ang dagundong ng mga bomba at pagsambulat ng apoy habang tinutupok ang nayon.

Bago magbukang-liwayway, natigil ang pagbomba at tumahimik ang lahat. Dahan-dahang bumalik ang mga taganayon. Walang kibo nilang tinahak ang mga guho ng digmaan.

At sa huli, narating nila ang parang. Naabo na ang mga amapola at rosas, at tupok na tupok ang mga liryo at mirasol.


Ngunit ang pinakamasaklap…




“Ang mga bulaklak ko… wala na!” bulalas ni Nadia. Tumakbo siya sa sunog na damuhan at naghanap ng talulot, palumpong, o bakas ng kahit isang asul na bituin, ngunit wala na. Wala ni bakas ng mga mariringal na asul na bulaklak na pinaglaanan niya ng pagmamahal at pag-aaruga.

Napaluhod si Nadia at nagsimulang umiyak.






Nagsimula ring tumangis ang kaniyang mga kanayon nang masilayan ang kaniyang pagtangis. Ipinagluksa nila ang mga bulaklak. Ipinagluksa nila ang buong nayon. Ngunit higit sa lahat, ipinagluksa nila ang ligayang sa palagay nila'y di na kailanman babalik.




Tanging ang kalunus-lunos na tinig ng pagtangis ang narinig sa nayon sa loob ng apat na araw.

Ngunit sa ikalimang araw, maagang bumangon si Nadia bago pa man sumikat ang araw. Tumungo siya sa parang at nagsimulang diligan ang sunog na lupa. Sa hapon ay binulungan niya ng mga kuwento ang natitirang sibol ng damo. At sa gabi, dalangin niya rito'y mahimbing na pagtulog.

Ilang ulit niya itong ginawa sa ikaanim na araw, sa ikapito, sa ikawalo, at ikasiyam…



At sa ikasampung araw, nang muli niyang binisita ang parang, napansin niya ang malamlam na ningning ng asul na bituin sa sumisibol na damo. Sa labis na tuwa ay napahiyaw siya nang malakas na gumitla sa mga taganayon, na agad tumungo upang alamin kung saan ito nagmula. At nang masilayan nila ang nag-iisang bulaklak, nagsimula silang magdiwang, at napangiti si Nadia.



Sinimulan ng mga taganayon ang kanilang pagbangon. Nagbiruan ang mga kalalakihan habang nagtatrabaho. Nagsiawit ang mga kababaihan habang tumutulong sa gawain. At muling napuno ang mga lansangan ng masasayang tinig ng mga batang naglalaro mula umaga hanggang gabi.

Sa isang buwan, naging luntian muli ang mga damo…

Sa dalawang buwan, nagsimula nang sumilip ang mga usbong mula sa lupa…

Maraming taon ang lumipas at maraming bagay na ang nagdaan. Ang batang si Nadia ay lumaki, tumanda, at sumakabilang-buhay rin paglaon. Ang nayon ay nagbago na rin: ang mga bundok ay nagbigay-daan sa mga kalsada, at ang dating maliit at liblib na nayon ay isa nang maunlad na bayan.



Ngunit nananatili pa rin ang mga asul na bituin, namumukadkad na tila mga biyayang hulog ng langit. At araw-araw, may grupo ng mga batang dinidiligan sila sa umaga, kinukuwentuhan sila sa hapon, at idinadalangin ang kanilang mahimbing na pagtulog sa gabi.







# THE AUTHOR

Frankie Torres loves telling stories. Her full name is **Francesca Nicole Chan Torres**, which is French, but when said backwards sounds like German. ("Frankie" backwards is pronounced "icknarf.") A believer in fairy tales, she has learned never to underestimate the power of little girls (or of kids in general), and that hope is stronger than any magic. When she's not *trying* to be a responsible student, Frankie can be found performing in theater, singing, or scribbling in one of her vast collection of notebooks. "Nadia and the Blue Stars" is her first book, but rumor has it she's keeping a novel locked up in a trunk somewhere…

# THE ARTIST

**Liv Romualdez Vinluan** was born in the city of Manila in the late 1980's. Since graduating cum laude from UP Diliman, she has exhibited all over Southeast Asia and Switzerland. When not occupied by painting, Liv studies French, cooks spaghetti, collects books, and sews. Juan Luna's "Spoliarium" is her most favorite painting, and she hopes to someday create a worthy tribute to it. "Nadia and the Blue Stars" is her first children's storybook.



We enjoy hearing from our readers.

Please feel free to let us know what you think of this book
by emailing us at info@canvas.ph, or by mail at
CANVAS, No.1 Upsilon Drive Ext., Alpha Village, Diliman,
Quezon City, Philippines 1119.

**© CANVAS - All rights reserved.**

First published in hardcover by CANVAS, 2012
In the Republic of the Philippines

Book and cover design by Daniel Palma Tayona
Photography by Ocs Alvarez